# MAHALAGANG BABALA PARA SA KALIGTASAN

## PRO Vibe Stem (Alloy) Recall Notice

*End User Release*



*Figure 1: PRO Vibe Stem (Alloy) na apektado ng recall.*

Minamahal naming PRO Customer,

Natukoy ng Shimano Europe B.V. ("Shimano"), may-ari ng PRO brand, na ang PRO Vibe Stem (Alloy) sa ilang mga batch ay maaaring magkaroon ng mga crack sa mga partikular na kondisyon. Naglalabas ang Shimano ng stop riding at recall notice sa lahat ng PRO Vibe Stem (Alloy) na binenta mula Mayo 2020. Ang mga produktong apektado ng recall ay matutukoy base sa kapansin-pansing silver 'V' branding sa faceplate ng stem at ang nakapaharap na mga mounting bolt.

Ang mga apektadong produkto ay:

| | |
|---|---|
| PRSS0440 Vibe stem SB black | 80mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0441 Vibe stem SB black | 90mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0442 Vibe stem SB black | 100mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0443 Vibe stem SB black | 110mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0444 Vibe stem SB black | 120mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0445 Vibe stem SB black | 130mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0461 Vibe stem SB black | 90mm / 31.8mm / -17 angle |
| PRSS0462 Vibe stem SB black | 100mm / 31.8mm / -17 angle |
| PRSS0463 Vibe stem SB black | 110mm / 31.8mm / -17 angle |
| PRSS0464 Vibe stem SB black | 120mm / 31.8mm / -17 angle |
| PRSS0465 Vibe stem SB black | 130mm / 31.8mm / -17 angle |
| PRSS0450 Vibe stem 1 1/4 SB black | 80mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0451 Vibe stem 1 1/4 SB black | 90mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0452 Vibe stem 1 1/4 SB black | 100mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0453 Vibe stem 1 1/4 SB black | 110mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0454 Vibe stem 1 1/4 SB black | 120mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0455 Vibe stem 1 1/4 SB black | 130mm / 31.8mm / -10 angle |
| PRSS0471 Vibe stem 1 1/4 SB black | 90mm / 31.8mm / -17 angle |
| PRSS0472 Vibe stem 1 1/4 SB black | 100mm / 31.8mm / -17 angle |
| PRSS0473 Vibe stem 1 1/4 SB black | 110mm / 31.8mm / -17 angle |
| PRSS0474 Vibe stem 1 1/4 SB black | 120mm / 31.8mm / -17 angle |
| PRSS0475 Vibe stem 1 1/4 SB black | 130mm / 31.8mm / -17 angle |

## HAZARD

Ang corrosion ay maaaring humantong sa pamumuo ng mga crack sa clamping area ng fork steerer tube (gaya ng naka-highlight sa Figure 2).



*Figure 2: Maaaring mangyari ang pagka-crack sa clamping area ng fork steerer tube.*

Kung hindi ma-detect ng user ang crack sa tamang panahon, maaari itong lumaki hanggang sa tuluyang humiwalay ang stem. Kapag nangyari ito habang nakasakay, maaaring mawalan ng kontrol sa bisikleta ang user at mahulog, na makakapagdulot ng panganib ng pinsala sa user kung mabunggo.

## ANO ANG GAGAWIN

Ipinapakita ng aming mga rekord na nakabili ka ng apektadong stem, mangyaring tumigil sa pagsakay sa bisikleta at sundin ang procedure sa ibaba para matukoy kung apektado ng recall na ito ang stem na nasa bisikleta mo.





*Figure 3: Procedure ng pagche-check kung apektado ang isang stem.*

**Hakbang 1:** Nabili ba ang stem noong o pagkatapos ng Mayo 2020?

Hindi: Hindi apektado ang stem, at maaari mong ituloy ang paggamit nito

Oo: Magpatuloy sa hakbang 2

**Hakbang 2:** May AL7075 marking ba sa ilalim ang stem?

Wala: Apektado ang stem, pakikontak ang iyong dealer para sa replacement o refund

Mayroon: Magpatuloy sa hakbang 3a

**Hakbang 3a:** Alisin ang handlebar at magpatuloy sa hakbang 3b

**Hakbang 3b:** Makikita ba sa stem ang isa sa mga sumusunod na code sa gawing kaliwang parte (FF, FI, FC, FG, FA, EF, EK, EE, ED, EH)?

Hindi: Hindi apektado ang stem, at maaari mong ituloy ang paggamit nito

Oo: Apektado ang stem, pakikontak ang iyong dealer para sa replacement o refund

**REMEDYO**

Kung nagmamay-ari ka ng apektadong stem, itigil ang paggamit nito. Pakikontak ang dealer na pinagbilhan mo ng produkto at ibalik ang apektadong produkto sa kanila. Awtorisado ang mga dealer na magbigay ng replacement stem (depende sa availability) o mag-alok ng refund para sa ni-recall na produkto.

**KONTAK**

Para sa mga tanong tungkol sa recall na ito, pakikontak kami sa pamamagitan ng email sa provibe_recall@shimano-eu.com.

Nais ulitin ng Shimano ang pangako ng kompanya sa kaligtasan ng mga rider at dedikasyon na gumawa ng mga produktong nangunguna sa industriya. Humihingi kami ng paumanhin dahil nabigo kaming sumunod sa mga pamantayang ito at para sa anumang abalang naidulot ng PRO Vibe Stem (Alloy) recall.

(Pakitandaan na wala nang iba pang PRO stem, kabilang ang Vibe Carbon Stem, ang apektado ng recall na ito)

______________________

Ang Iyong PRO Dealer